

COMMONSPIRIT HEALTH PATAKARAN SA PAMAMAHALA

PAKSA: Tulong sa Pananalapi

PETSA NA MAGKAKABISA:

TBD

NUMERO NG PATAKARAN: Pananalapi G-003

**ORIHINAL NA PETSA NA
MAGKAKABISA:**

Hulyo 1, 2021

PATAKARAN

Alinsunod sa Internal Revenue Code, IRC Seksiyon 501(r), para manatiling walang bayad sa buwis, ang bawat Organisasyon ng Ospital ng CommonSpirit Health ay kinakailangang magtatag ng isang nasusulat na Patakaran sa Tulong sa Pananalapi (FAP) at isang Patakaran sa Pang-emergency na Pangangalagang Medikal na nalalapat sa lahat ng Pang-emergency na Pangangalagang Medikal at Kinakailangang Pangangalagang Medikal (na tinutukoy dito bilang EMCare) na ibinibigay sa isang Pasilidad ng Ospital. Ang layunin ng Patakaran na ito ay para ilarawan ang mga kondisyon kung saan ang isang Pasilidad ng Ospital ay nagbibigay ng Tulong sa Pananalapi sa mga pasyente nito. Bilang karagdagan, inilalarawan ng Patakaran na ito ang mga pagkilos na maaaring gawin ng isang Pasilidad ng Ospital sa kaganapan ng hindi pagbabayad ng isang account ng pasyente.

SAKLAW

Ang Patakarang ito ay nalalapat sa CommonSpirit at bawat isa sa walang bayad sa buwis na mga Direct Affiliates nito ¹ at walang bayad sa buwis, mga subsidiary na ganap na pagmamay-ari² at anumang iba pang hindi ganap na pagmamay-ari na Subsidiary o iba pang kaugnay na entidad na sa pamamagitan ng kontrata o mga namamahalang dokumento ay hayagang humihingi o nagbibigay para sa naturang Subsidiary o (mga) entidad na sumunod sa mga patakaran at pamamaraan ng CommonSpirit (Conforming Entity) na nagpapatakbo ng Pasilidad ng Ospital (tinutukoy nang paisa-isa bilang isang CommonSpirit Hospital Organization at sama-sama bilang CommonSpirit Hospital Organizations). Patakaran ng CommonSpirit na magbigay, nang walang diskriminasyon, ng EMCare sa Mga Pasilidad ng Ospital ng CommonSpirit para sa lahat ng pasyente, nang walang pagsasaalang-alang sa kakayahang pinansyal para magbayad ng isang pasyente.

¹ Ang Direct Affiliate ay anumang korporasyon kung saan ang CommonSpirit Health ang nag-iisang miyembro ng korporasyon o nag-iisang shareholder, pati na rin ang Dignity Community Care, non-profit na korporasyon sa Colorado.

² Ang Subsidiary ay tumutukoy sa organisasyon, non-profit man o for-profit, kung saan ang Direct Affiliate ay may hawak na kapangyarihang magtalaga ng limampung porsyento (50%) o higit pa sa mga botanteng miyembro ng namamahalang katawan ng naturang organisasyon o may hawak na limampung porsyento (50%) o higit pa sa mga karapatan sa pagboto sa naturang organisasyon (gaya ng pinatutunayan ng mga kapangyarihan sa pagiging miyembro o mga seguridad na nagbibigay ng ilang awtoridad sa paggawa ng desisyon sa Direct Affiliate) o anumang organisasyon kung saan ang Subsidiary ay may hawak ng naturang kapangyarihan o mga karapatan sa pagboto.

MGA PRINSIPYO

Bilang mga Katolikong tagabigay ng pangangalagang pangkalusugan at mga samahan na walang bayad sa buwis, ang mga Organisasyon ng Ospital ng CommonSpirit ay tinawag para matugunan ang mga pangangailangan ng mga pasyente at ng iba pa na humihingi ng pangangalaga, anuman ang kanilang mga kakayahang pinansyal para mabayaran ang mga serbisyong ibinibigay.

Hangad ng mga Organisasyon ng Ospital ng CommonSpirit na ang kakayahan sa pananalapi ng mga taong nangangailangan ng mga serbisyong pangkalusugan ay hindi pipigil sa kanila sa paghanap o pagtanggap ng pangangalaga.

Ang Mga Organisasyon ng Ospital ng CommonSpirit ay magbibigay, nang walang diskriminasyon, ng Pang-emergency na Pangangalagang Medikal sa mga indibidwal anuman ang kanilang pagiging karapat-dapat para sa Tulong sa Pananalapi o para sa tulong ng gobyerno sa Mga Pasilidad ng Ospital ng CommonSpirit.

Ang mga Organisasyon ng CommonSpirit Hospital ay nakatuon sa pagbibigay ng Tulong sa Pananalapi sa mga taong mayroong mga pangangailangan sa pangangalaga ng kalusugan at uninsured, underinsured, hindi karapat-dapat para sa programa ng gobyerno, o hindi makapagbayad, para sa hindi emergency na Kinakailangang Pangangalagang Medikal na ibinibigay sa Mga Pasilidad ng Ospital ng CommonSpirit.

PAGLALAPAT

A. Ang Patakarang ito ay nalalapat sa:

- Lahat ng sinisingil para sa EMCare na ibinigay sa isang Pasilidad ng Ospital ng Organisasyon ng Ospital ng CommonSpirit.
- Ang lahat ng sinisingil para sa EMCare na ibinigay ng isang doktor o masulong ang trabahong clinician na nagtatrabaho sa isang Organisasyon ng Ospital ng CommonSpirit kung ang naturang pangangalaga ay ibinibigay sa loob ng isang Pasilidad ng Ospital.
- Ang lahat ng sinisingil para sa EMCare na ibinigay ng doktor o masulong na trabahong clinician na nagtatrabaho ng Lubos na Nauugnay na Entidad na nangyayari sa loob ng Pasilidad ng Ospital.
- Ang Hindi Saklaw na Kinakailangang Pangangalagang Medikal na ibinigay sa mga pasyente kung saan ang pasyente ang may reponsibilidad para sa mga sinisingil, tulad ng sinisingil para sa mga araw na lampas sa haba ng limitasyon sa pananatili o sa mga pangyayari kung saan naubos ang mga benepisyo ng pasyente.

Ang mga aktibidad sa pagkolekta at pagbawi ay isasagawa alinsunod sa Patakaran sa Pamamahala ng CommonSpirit Pananalapi G-004, *Mga Pagsingil at Pagkolekta*.

B. Koordinasyon sa Ibang Batas

Ang Probisyon ng Tulong sa Pananalapi ay maaaring mapailalim sa mga karagdagang batas o regulasyon alinsunod sa mga batas pederal, estado o lokal. Ang nasabing batas ay namamahala hanggang sa abot na nagpapataw ito ng mas mahigpit na mga kinakailangan

kaysa sa Patakaran na ito. Sa kaganapan na ang isang sumunod na pinagtibay na batas ng estado o lokal na direktang sumasalungat sa Patakaran na ito, ang Organisasyon ng Ospital ng CommonSpirit ay, pagkatapos ng konsultasyon kasama ang lokal na kinatawan ng Ligal na Pangkat ng CommonSpirit, pamunuan ng Siklo ng Kita ng CommonSpirit, at pamunuan ng Buwis sa CommonSpirit, pahihintulutan na pagtibayin ang isang addendum sa Patakaran na ito bago ang susunod na siklo ng pagsusuri sa patakaran, na may kaunting pagbabago sa Patakarang ito kung kinakailangan para makamit ang pagsunod sa anumang naaangkop na mga batas.

MGA KAHULUGAN

Ang Mga Halaga na Karaniwang Sinisingil (Amounts Generally Billed, AGB) ay nangangahulugang ang maximum na sinisingil ng pasyente na karapat-dapat para sa Tulong sa Pananalapi sa ilalim ng Patakaran sa Tulong sa Pananalapi na ito ay personal na responsable para sa pagbabayad, pagkatapos ng lahat ng pagbawas at diskwento (kasama ang mga diskwento na magagamit sa ilalim ng Patakarang ito) ay inilapat at mas mababa sa anumang halagang binabayaran ng mga tagaseguro. Walang pasyente na karapat-dapat para sa Tulong sa Pananalapi ang sisisingilin nang higit sa AGB para sa EMCare na ibinigay sa pasyente. Kinakalkula ng CommonSpirit ang AGB sa batayang Pasilidad-sa-Pasilidad na ginagamit ang pamamaraang "balik tanaw" sa pamamagitan ng pag-multiply ng "Gross Charges" para sa anumang EMCare na ibinibigay nito sa pamamagitan ng mga porsiyento ng AGB, na batay sa mga nakaraang paghahabol na pinapayagan sa ilalim ng Medicare at pribadong seguro tulad ng nakasaad sa batas pederal. Ang "Gross Charges" para sa mga hangaring ito ay nangangahulugang ang halagang nakalista sa chargemaster ng bawat Pasilidad ng Ospital para sa bawat serbisyo ng EMCare.

Ang **Panahon ng Aplikasyon** ay nangangahulugang ang oras na ibinigay sa mga pasyente ng Organisasyon ng Ospital ng CommonSpirit para punan ang aplikasyon para sa Tulong sa Pananalapi. Mapapaso ito sa kalaunan ng (i) 365 araw mula sa paglabas ng pasyente sa Pasilidad ng Ospital o sa petsa ng EMCare ng pasyente, o (ii) 240 araw mula sa petsa ng unang bayarin pagkatapos lumabas para sa natanggap na EMCare sa Pasilidad ng Ospital.

Ang **CommonSpirit Entity Service Area** ay nangangahulugang para sa mga layunin ng Patakaran na ito, ang komunidad na pinagsisilbihan ng Pasilidad ng Ospital tulad ng inilarawan sa pinakabagong Pagsusuri sa Mga Pangangailangan sa Kalusugan ng Komunidad, tulad ng inilarawan sa IRC Seksiyon 501(r)(3).

Ang **Community Health Needs Assessment (CHNA)** ay isinasagawa ng Pasilidad ng Ospital ng hindi bababa sa minsan sa bawat tatlong (3) taon alinsunod sa IRC Seksiyon 501(r)(1)(A); pagkatapos, ang bawat Organisasyon ng Ospital ng CommonSpirit ay nagpatibay ng mgaistratehiya para matugunan ang mga pangangailangan sa kalusugan sa komunidad na kinilala sa pamamagitan ng CHNA.

Pagtukoy sa Panahon ng Pagiging Karapat-dapat -Para sa mga layunin ng pagtukoy ng pagiging karapat-dapat sa Tulong sa Pananalapi, susuriin ng Pasilidad ng Ospital ang taunang Kinikita ng Pamilya mula sa nakalipas na anim na buwan (6) na panahon, o ang nakaraang taon ng buwis tulad ng ipinapakita ng mga kamakailang pay stub o income tax return at iba pang impormasyon. Ang patunay ng mga kita ay maaaring matukoy sa paggawa ng taunang Kinikita ng Pamilya, na isinasaalang-alang ang kasalukuyang rate ng

kita.

Panahon ng Kwalipikasyon sa Pagkakarapatdapat - Matapos isumite ang aplikasyon ng Tulong sa Pananalapi at mga sumusuportang dokumento, ang mga pasyente na naaprubahan para maging karapat-dapat ay bibigyan ng Tulong sa Pananalapi para sa lahat ng karapat-dapat na account na natamo para sa mga serbisyong natanggap labindalawang (12) buwan bago ang petsa ng pagpapasiya. Kung naaprubahan ang pagiging karapat-dapat batay sa Ipinapalagay na Pagiging Karapat-dapat, ang Tulong sa Pananalapi ay ilalapat din sa lahat ng account na natamo para sa mga serbisyong natanggap sa nakaraang labindalawang (12) buwan bago ang petsa ng pagpapasiya.

Emergency Medical Care, Emergency Medical Treatment and Labor Act (EMTALA) - Sinumang pasyenteng humihingi ng pangangalaga para sa emerhensya at kondisyong medikal alinsunod sa kahulugan ng Seksyon 1867 ng Social Security Act (42 U.S.C. 1395dd) sa Pasilidad ng Ospital ay dapat tratuhin nang walang diskriminasyon at walang pagsasaalang-alang sa kakayahan ng pasyente na magbayad para sa pangangalaga. Bukod dito, ang anumang pagkilos na pumipigil sa mga pasyente na kumuha ng EMCare, kasama, ngunit hindi limitado sa, paghingi ng bayad bago ang paggamot o pinapayagan ang pagkolekta ng utang at mga aktibidad sa pagbawi na nakakagambala sa pagbibigay ng EMCare, ay ipinagbabawal. Ang Mga Pasilidad ng Ospital ay dapat ding tumakbo alinsunod sa lahat ng kinakilangan ng pederal at estado para sa pagbibigay ng pangangalaga na nauugnay sa mga pang-emergency na kondisyong medikal, kasama ang mga kinakailangan sa pag-screen, paggamot at paglilipat sa ilalim ng (EMTALA) at alinsunod sa 42 CFR 482.55 (o anumang regulasyon na hahalili). Ang Mga Pasilidad ng Ospital ay dapat kumunsulta at gabayan ng anumang Patakarang ng CommonSpirit EMTALA, mga regulasyon ng EMTALA, at naaangkop na Mga Kondisyon ng Paglahok ng Medicare/Medicaid sa pagtukoy kung ano ang bumubuo ng emergency na kondisyong medikal at ang mga proseso na susundan na may paggalang sa bawat isa.

Hindi pangkaraniwang Mga Pagkilos ng Pagkolekta (Extraordinary Collection Action, ECA) - Ang Pasilidad ng Ospital ay hindi sasali sa mga ECA laban sa isang indibidwal bago gumawa ng makatuwirang pagsisikap para matukoy ang pagiging karapat-dapat sa ilalim ng Patakarang ito. Maaaring kasama sa ECA ang alinman sa mga sumusunod na aksiyon na ginawa sa pagsisikap na makakuha ng bayad sa bayarin para sa pangangalaga:

- Pagbebenta ng utang ng isang indibidwal sa ibang partido maliban sa malinaw na ibinigay ng batas pederal; at
- Pag-uulat ng salungat na impormasyon tungkol sa indibidwal sa mga kagarawan ng kredito ng mamimili.

Hindi kasama sa mga ECA ang anumang lien na kung saan ay may karapatang maghabol ang Pasilidad ng Ospital sa ilalim ng batas ng estado para sa mga nalikom ng paghuhusga o kompromiso na utang ng isang indibidwal (o ng kaniyang kinatawan) bilang resulta ng mga personal na pinsala na kung saan ang Pasilidad ay nagbigay ng pangangalaga.

Ang **Pamilya** ay nangangahulugan ng (gamit ang kahulugan ng Census Bureau) grupo ng dalawa o higit pang mga tao na magkasamang naninirahan at magkaugnay sa kapanganakan, kasal, o pag-ampon. Ayon sa mga panuntunan sa Internal Revenue Service (IRS), kung inaangkin ng pasyente ang isang tao bilang dependent sa kanyang income tax return, ang taong iyon ay maaaring ituring na dependent para sa mga layunin ng pagkakaloob ng Tulong sa Pananalapi. Kung ang dokumento ng buwis sa IRS ay hindi

magagamit, ang laki ng pamilya ay tutukuyin sa bilang ng mga dependent na naitala sa aplikasyon ng Tulong sa Pananalapi at napatunayan ng Pasilidad ng Ospital.

Ang **Kinikita ng Pamilya** ay tinutukoy na naaayon sa kahulugan ng IRS sa Modified Adjusted Gross Income para sa aplikante at sa lahat na miyembro ng Pamilya ng aplikante. Sa pagtukoy ng pagiging karapat-dapat, maaaring isaalang-alang ng Organisasyon ng Ospital ng CommonSpirit ang 'mga pinansiyal na ari-arian' ng Pamilya ng pasyente. Gayunpaman, para sa mga hangaring ng pagpapasiyang ito, hindi kasama sa mga pinansiyal na ari-arian ang pagreretiro o ipinagpaliban na mga plano sa pagbabayad.

Ang **Federal Poverty Level Guidelines (FPL)** ay ina-update taun-taon sa Pederal na Rehistro ng Kagawaran ng Kalusugan at Serbisyong Pantao ng Estados Unidos sa ilalim ng awtoridad ng subsection (2) ng Seksiyon 9902 ng Titulo 42 ng Code ng Estados Unidos. Maaaring sumangguni sa mga kasalukuyang alituntunin sa <http://aspe.hhs.gov/poverty-guidelines>.

Ang **Tulong sa Pananalapi** ay nangangahulugan ng tulong na ibinibigay sa mga pasyenteng para sa kanila ay magiging pinansyal na kahirapan ang ganap na pagbabayad ng inaasahang mga gastusing sila mismo ang sasagot para sa EMCare na ibinigay sa Pasilidad ng Ospital, at nakatutugon sa mga pamantayan ng pagiging karapat-dapat para sa naturang tulong. Ang Tulong sa Pananalapi ay ibinibigay sa mga pasyenteng may seguro hanggang sa lawak na pinahihintulutan ng kontrata ng seguro ng pasyente.

Ang **Guarantor** ay nangangahulugang indibidwal na legal na responsable para sa pagbabayad ng sinisingil sa pasyente.

Ang **Pasilidad ng Ospital (o Pasilidad)** ay nangangahulugang pasilidad sa pangangalaga ng kalusugan na Kinakailangan ng estado na maging lisensyado, nakarehistro o katulad na pagkilala bilang ospital at na pinapatakbo ng Organisasyon ng Ospital ng CommonSpirit.

Medikal Na Kinakailangang Pangangalaga ay nangangahulugang anumang pamamaraan na makatuwirang napagpasyahan (ng provider) na kinakailangan para maiwasan, masuri, iwasto, mapagaling, mapagaan, o maiwasan ang paglala ng anumang kondisyon, karamdaman, pinsala o sakit na naglalagay sa panganib ng buhay, sanhi ng pagdurusa o sakit, na nagreresulta sa karamdaman o kahinaan, nagbabanta para maging sanhi o magpalala ng kapansanan, o maging sanhi ng pisikal na may depekto o pagkapinsala, o para mapabuti ang paggana ng depektibong bahagi ng katawan, kung walang ibang paraan ng paggamot na may kaparehong bisa, mas konserbatibo o available na mas mura na paraan ng paggamot. Hindi kasama sa Medikal Na Kinakailangang Pangangalaga ang pinili o kosmetikong pamamaraan lamang para mapabuti ang ganda ng isang normal, o karaniwang gumagana, na bahagi ng katawan.

Papapatakbo ng Pasilidad ng Ospital - Ang Pasilidad ng Ospital ay itinuturing na pinatatakbo sa pamamagitan ng paggamit ng sarili nitong mga empleyado o sa pamamagitan ng pagkontrata sa pagpapatakbo ng Pasilidad sa ibang organisasyon. Ang Pasilidad ng Ospital ay maaari rin na patakbohin ng Organisasyon ng Ospital ng CommonSpirit kung ang Organisasyon ng Ospital ng CommonSpirit ay may kapital o interes sa kinikita sa entidad na binubuwisan bilang partnership na direktang nagpapatakbo ng Pasilidad ng Ospital na lisensyado ng estado o kung saan hindi direktang nagpapatakbo ng Pasilidad ng Ospital na lisensyado ng estado sa pamamagitan ng ibang entidad na binubuwisan bilang partnership.

Ang **Ipinapalagay na Tulong sa Pananalapi** ay nangangahulugan ng pagtukoy sa pagiging karapat-dapat para sa Tulong sa Pananalapi na maaaring umasa sa impormasyong ibinigay ng mga ikatlong partido na vendor at iba pang magagamit na impormasyon sa publiko. Isang pagpapasiya na ang pasyente ay ipinapalagay na karapat-dapat para sa Tulong sa Pananalapi na magdudulot ng libre o may diskwentong EMCare para sa panhon kung kailan ang indibidwal ay ipinagpalagay na karapat-dapat.

Ang **Entidad na may Malaking Ugnayan (Substantially-Related Entity)** ay nangangahulugan, patungkol sa Organisasyon ng Ospital ng CommonSpirit, na isang entidad na itinuturing bilang partnership para sa mga layuning pang-buwis pederal kung saan nagmamay-ari ang Organisasyon ng Ospital ng interes sa kapital o kinikita, o hindi pinapansin na entidad na kung saan ang Organisasyon ng Ospital ay nag-iisang miyembro o may-ari, na nagbibigay ng EMCare sa Pasilidad ng Ospital na lisensyado ng estado, maliban kung ang pagbibigay ng naturang pangangalaga ay walang kaugnayang kalakal o negosyo na inilarawan sa IRC Seksiyon 513 patungkol sa Organisasyon ng Ospital.

Ang **Underinsured** ay nangangahulugang isang indibidwal na hindi saklaw ng ikatlong partido ng komersyal na tagaseguro ng ikatlong partido, ERISA plan, Pederal na Programa sa Pangangalaga ng Kalusugan (kabilang nang walang limitasyon ang Medicare, Medicaid, SCHIP at TRICARE), Kompensasyon ng Manggagawa, o iba pang tulong ng ikatlong partido para tulungan sa pagtugon sa kaniyang mga obligasyon sa pagbabayad.

Ang **Underinsured** ay nangangahulugang isang indibidwal na may pribado o pampublikong saklaw ng seguro na para sa kanya ay magiging pinansyal na kahirapan ang ganap na pagbabayad ng inaasahang mga gastusing siya mismo ang sasagot para sa EMCare na saklaw ng Patakarang ito.

PAGIGING KARAPAT-DAPAT PARA SA TULONG SA PANANALAPI

A. Available na Tulong sa Pananalapi para sa EMCare

Ang pasyente na kwalipikado para sa Tulong sa Pananalapi ay makatatanggap ng libre o may diskwento na EMCare, at dahil dito ay hindi kailanman magiging responsable para sa higit sa AGB para sa EMCare. Ang Tulong sa Pananalapi ay ibinigay sa mga pasyenteng nakakatugon sa mga kinakailangan sa pagiging karapat-dapat gaya ng inilarawan dito at nakapagtatag ng paninirahan sa loob ng CommonSpirit Entity Service Area gaya ng tinukoy ng pinakabagong Hospital Facility CHNA, maliban kung ang pagbisita ay apurahan o emerhensiya o nagaganap sa loob ng Pasilidad ng Ospital ng California. Ang mga residente ng mga bansa sa labas ng Estados Unidos ay hindi karapat-dapat para sa Tulong sa Pananalapi nang walang paunang pag-apruba mula sa Hepeng Pinuno ng Pananalapi sa Ospital (o ng kaniyang itinalaga), maliban kung ang pagbisita ay apurahan o emerhensiya. Ang lahat ng naka-schedule na serbisyo para sa mga pasyente na naninirahan sa labas ng Lugar ng Serbisyo ng Entidad ng CommonSpirit ay nangangailangan ng paunang pag-apruba mula sa Hepeng Pinuno ng Pananalapi sa Ospital (o ng kaniyang itinalaga). Kung ang nag-utos na provider ay humiling ng mga serbisyo sa Pasilidad ng Ospital at ang parehong serbisyo ay ibinibigay din sa ibang pasilidad na mas malapit sa tirahan ng pasyente at sa Lugar ng Serbisyo ng Entidad ng CommonSpirit, maaaring hilingin ng Pasilidad ng Ospital sa nag-utos na provider na muling suriin ang mga serbisyo at hilingin na ang mga serbisyo ay maisagawa nang mas malapit sa tirahan ng pasyente.

Ang mga serbisyo ng ospital para sa agarang pangangailangan o emerhensiya ay hindi dapat tanggihan o ipagpaliban batay sa kakayahang magbayad ng pasyente o sa pagkakakilanlan ng kanilang saklaw ng seguro. Gayunpaman, ang mga serbisyong pangkalusugan na hindi pang-emerhensiya o hindi agarang pangangalaga ay maaaring maantala o ipagpaliban batay sa konsultasyon sa klinikal na kawani ng Pasilidad ng Ospital sa mga pagkakataong hindi matukoy ng Pasilidad ng Ospital ang pinagmumulan ng bayad para sa mga serbisyo nito. Ang pagkaapurahan ng paggamot na kaugnay ng mga klinikal na sintomas na ipinapakita ng bawat pasyente ay pagpapasyahan ng propesyonal sa medikal alinsunod sa mga lokal na pamantayan ng pagsasagawa, pambansa at pang-estadong klinikal na pamantayan ng pangangalaga, at mga patakaran at pamamaraan ng mga kawani ng medikal ng Pasilidad ng Ospital.

B. Hindi Available ang Tulong sa Pananalapi para sa iba maliban sa EMCare

Hindi available ang tulong sa pananalapi para sa iba maliban sa EMCare. Sa kaso ng pangangalaga maliban sa EMCare, walang pasyente ang mananagot para sa higit pa sa netong singil para sa naturang pangangalaga (mga kabuuang singil para sa naturang pangangalaga pagkatapos mailapat ang lahat ng mga pagbabawas at mga reimbursement ng seguro).

C. Available na Halaga ng Tulong sa Pananalapi

Ang pagiging karapat-dapat para sa Tulong sa Pananalapi ay isasaalang-alang para sa mga indibidwal na Uninsured, Underinsured, hindi karapat-dapat para sa anumang programa sa benepisyo para sa pangangalaga ng kalusugan, at hindi kayang bayaran ang kaniyang pangangalaga, batay sa pagpapasiya ng pangangailangan sa pananalapi alinsunod sa Patakaran na ito. Ang pagkakaloob ng Tulong sa Pananalapi ay ibabatay sa isang indibidwal na pagpapasiya ng pangangailangang pinansyal, at hindi isasaalang-alang ang anumang potensyal na salik na nagdudulot ng diskriminasyon tulad ng edad, lahi, ninuno, kasarian, pagkakakilanlang pangkasarian, pagpapahayag ng kasarian, lahi, kulay, bansang pinagmulan, oryentasyong sekswal, katayuan sa pag-aasawa, katayuan sa lipunan o imigrante, kaugnayan sa relihiyon, o anumang iba pang batayan na ipinagbabawal ng batas pederal, estado, o lokal.

Maliban kung karapat-dapat para sa Ipinapalagay na Tulong sa Pananalapi, ang mga sumusunod na pamantayan sa pagiging karapat-dapat ay dapat matugunan upang ang pasyente ay maging kwalipikado para sa Tulong sa Pananalapi:

- Ang pasyente ay dapat magkaroon ng pinakamababang balanse ng account na mas mababa sa sampung dolyar (\$10.00) sa Organisasyon ng Ospital ng CommonSpirit. Maaaring pagsamahin ang maraming mga balanse sa account para maabot ang halagang ito. Ang mga Pasyente/Guarantor na may balanse na mas mababa sa sampung dolyar (\$10.00) ay maaaring makipag-ugnayan sa isang pinansyal na tagapayo para makagawa ng buwanang mga pagsasaayos ng hulugan na pagbabayad.
- Dapat sumunod ang pasyente sa mga Pamantayan sa Pakikipagtulungan ng Pasyente na inilalarawan sa Patakarang ito.
- Kailangang magsumite ang pasyente ng napunang Aplikasyon ng Tulong sa Pananalapi (Financial Assistance Application, FAA).

D. Pangangalaga sa Kawanggawa

- Hanggang sa 200% ng FPL – Ang sinumang pasyente na ang Kita ng Pamilya ay nasa o mas mababa sa 200% ng FPL, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, sinumang pasyenteng Uninsured o Underinsured, ay karapat-dapat na makatanggap ng Tulong Pinansyal hanggang 100% diskwento mula sa balanse ng kanyang account para sa mga karapat-dapat na serbisyong ibinigay sa pasyente pagkatapos ng pagbabayad, kung mayroon man, ng sinumang ikatlong partido.
- 201% - 400% ng FPL – Ang sinumang pasyente na ang Kita ng Pamilya ay nasa o higit sa 201% ngunit mas mababa sa 400% ng FPL, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, sinumang pasyenteng Uninsured o Underinsured, ay karapat-dapat na makatanggap ng Tulong sa Pananalapi na magbabawas sa balanse ng kanyang account para sa mga karapat-dapat na serbisyong ibinigay sa pasyente pagkatapos ng pagbabayad, kung mayroon man, ng sinumang ikatlong partido, sa halagang hindi hihigit sa AGB ng Pasilidad ng Ospital.

E. Mga Pamantayan sa Pakikipagtulungan ng Pasyente

Ang isang pasyente ay kailangang makipagtulungan sa Pasilidad ng Ospital sa pagbibigay ng impormasyon at dokumentasyon na kinakailangan para matukoy ang pagiging karapat-dapat. Kasama sa nasabing kooperasyon ang pagkumpleto ng anumang kinakailangang mga aplikasyon o form. Ang pasyente ay responsable para sa pagpapaalam sa Pasilidad ng Ospital ng anumang pagbabago sa sitwasyon sa pananalapi na maaaring makaapekto sa pagsusuri ng pagiging karapat-dapat.

Kailangang ubusin ng isang pasyente ang lahat ng iba pang mga pagpipilian sa pagbabayad, kabilang ang pribadong saklaw, pederal, estado at lokal na mga programa sa tulong medikal, at iba pang mga paraan ng tulong na ibinibigay ng mga ikatlong partido bago maaprubahan. Ang isang aplikante para sa Tulong sa Pananalapi ay responsable sa pag-apply sa mga pampublikong programa para sa magagamit na saklaw. Inaasahan din sa kanya na ituloy ang publiko o pribadong mga pagpipilian sa pagbabayad ng seguro sa kalusugan para sa pangangalaga na ibinigay ng Organisasyon ng Ospital ng CommonSpirit sa loob ng Pasilidad ng Ospital.

Ang isang pasyente at, kung naaangkop, anumang kooperasyon ng Tagagarantiya para sa pag-apply para sa mga naaangkop na programa at kilalang mapagkukunan ng pondo, ay kailangan. Ang Pasilidad ng Ospital ay dapat gumawa ng mga pagsisikap na tulongan ang pasyente o Guarantor ng pasyente na mag-aplay para sa pampubliko at pribadong programa, na maaaring kabilang ang coverage sa ilalim ng health insurance exchange, commercial health insurance, o health plan coverage na binili sa pamamagitan ng COBRA. Kung matukoy ng Pasilidad ng Ospital na ang saklaw sa ilalim ng health insurance exchange, commercial health insurance, o COBRA plan ay potensyal na magagamit, at ang pasyente ay hindi benepisaryo ng Medicare o Medicaid, maaaring hilingin ng Pasilidad ng Ospital na ang pasyente o Guarantor na (i) ibigay sa Pasilidad ng Ospital at naaangkop na foundation ng impormasyong kinakailangan upang matukoy ang buwanang hulog para sa naturang pasyente, at (ii) makipagtulungan sa Pasilidad ng Ospital at kawani ng foundation upang matukoy kung siya ay kwalipikado para sa premium na tulong, na maaaring ialok (sa pamamagitan ng mga itinalagang foundation funds) sa loob ng limitadong panahon upang makatulong sa pagkuha ng saklaw ng seguro na nabanggit sa itaas.

F. Diskwento para sa Walang Seguro na Pasyente

Ang mga serbisyong hindi saklaw sa ilalim ng patakaran sa seguro at mga pasyente/Guarantor na nagbibigay ng ebidensya na walang saklaw ng segurong pangkalusugan sa pamamagitan man ng programang ibinibigay ng employer o programa ng gobyerno tulad ng Medicare, Medicaid o iba pang programa ng estado at lokal upang bayaran ang mga kinakailangang serbisyong pangkalusugan na ibinigay sa pasyente, ay magiging karapat-dapat para sa Diskwento ng Pasyenteng Uninsured. Ang diskwento na ito ay hindi nalalapat sa mga kosmetiko o hindi kinakailangang medikal na pamamaraan at magagamit lamang para sa mga karapat-dapat na serbisyo.

Ang bawat Pasilidad ng Ospital ay magkalkula at matukoy ang diskwento mula sa kabuuang sinisingil na magagamit sa mga karapat-dapat na pasyente. Ang Tulong sa Pananalapi na inilarawan sa itaas ay humahalili sa Diskwentong para sa Walang Segurong Pasyente. Kung natukoy na ang aplikasyon ng Tulong sa Pananalapi ay karagdagang magbabawas sa sinisingil ng pasyente, ibabalik ng Pasilidad ng Ospital ang Diskwentong para sa Walang Segurong Pasyente at ilalapat ang mga naaangkop na pagsasaayos sa ilalim ng Patakaran sa Tulong sa Pananalapi.

G. Diskwento Sa Sariling Pagbabayad

Para sa mga Walang segurong pasyente na hindi kwalipikado para sa alinman sa mga diskwento sa Tulong sa Pananalapi na inilarawan sa Patakaran na ito, ang Mga Pasilidad ng Ospital ay maaaring maglapat ng isang awtomatikong (sariling pagbabayad) na diskwento sa sinisingil sa pasyente alinsunod sa mga alituntunin at pamamaraan ng Revenue Cycle ng CommonSpirit. Ang sariling pagbabayad na ito ay hindi nasubukan.

ANG PARAAN NG PAG-APPLY PARA SA TULONG SA PANANALAPI

Dapat punan ng lahat ng pasyente ang CommonSpirit FAA para maisaalang-alang para sa Tulong sa Pananalapi, maliban kung karapat-dapat sila para sa Ipinalagay na Tulong sa Pananalapi. Ang FAA ay ginagamit ng Pasilidad ng Ospital para makagawa ng isang indibidwal na pagtatasa sa pangangailangan sa pananalapi.

Para maging kwalipikado para sa tulong, ang pasyente ay dapat magbigay ng mga pahayag ng bank o checking account na nagpapatunay sa mga available na mapagkukunan ng pasyente (mga maaaring i-convert sa cash at hindi kinakailangan para sa pang-araw-araw na pamumuhay ng pasyente) at kahit isang (1) piraso ng sumusuportang dokumento na nagpapatunay na ang Kita ng Pamilya ay kinakailangang isumite kasama ng FAA. Kasama ngunit hindi limitado sa mga sumusuportang dokumentasyon ang:

- Kopya ng pinakahuling isinumiteng pederal na income tax return ng indibidwal;
- Kasalukuyang Form W-2;
- Mga kasalukuyang paystub; o
- Nalagdaang liham ng suporta.

Ang Pasilidad ng Ospital ay maaari, sa sarili nitong kapasyahan, na umasa sa katibayan ng pagiging karapat-dapat maliban sa inilarawan sa FAA o sa loob nito. Maaaring kasama sa iba pang mga mapagkukunan ng ebidensya ang:

- Mga panlabas na magagamit na mapagkukunan ng datos na nagbibigay ng

- impormasyon sa kakayahan ng pasyente/Tagagarantiya na magbayad;
- Isang pagsusuri ng natitirang mga account ng pasyente para sa naunang mga serbisyo na naibigay at kasaysayan ng pagbabayad ng pasyente/Tagagarantiya;
- Naunang pagtukoy ng pagiging karapat-dapat ng pasyente o Tagagarantiya para sa tulong sa ilalim ng Patakaran na ito, kung mayroon man; o
- Nakuhaang katibayan bilang resulta ng paghahanap sa naaangkop na mga alternatibong mapagkukunan ng pagbabayad at saklaw mula sa mga pampubliko at pribadong mga programa sa pagbabayad.

Sa kaganapan na walang kinikita ang napatunayan sa isang nakumpletong FAA, kinakailangan ng isang nasusulat na dokumento na naglalarawan kung bakit hindi magagamit ang impormasyon sa kinikita at kung paano sinusupportahan ng pasyente o Tagagarantiya ang pangunahing gastusin sa pamumuhay (tulad ng tirahan, pagkain, at mga kagamitan). Ang mga aplikante ng Tulong sa Pananalapi na lumahok sa Programa ng Pagbabayad ng Pautang ng Pulutong ng Mga Serbisyo sa Pambansang Kalusugan (National Health Services Corps, NHSC) ay malaya mula sa pagsumite ng impormasyon sa gastos.

PAGPAPALAGAY SA PAGIGING KARAPAT-DAPAT

Kinikilala ng mga Organisasyon ng Ospital ng CommonSpirit na hindi lahat ng pasyente at Tagagarantiya ay maaaring makumpleto ang FAA o magbigay ng kinakailangang dokumentasyon. Ang mga pinansyal na tagapayo ay magagamit sa bawat lokasyon ng Pasilidad ng Ospital para tulungan ang sinumang indibidwal na humihiling ng tulong sa aplikasyon. Para sa mga pasyente at Tagagarantiya na hindi makapagbigay ng kinakailangang dokumentasyon, ang isang Pasilidad ng Ospital ay maaaring magbigay ng Ipinalagay na Tulong sa Pananalapi batay sa impormasyong nakuha mula sa iba pang mga mapagkukunan. Sa partikular, ang pagpapalagay ng pagiging karapat-dapatay maaaring matukoy batay sa indibidwal na mga pangyayari sa buhay na maaaring kasama ang:

- Pagtanggap ng mga programang reseta na pinopondohan ng estado;
- Walang tirahan o isang tumanggap ng pangangalaga mula sa isang walang tirahan o libreng pangangalaga na klinika;
- Paglahok sa mga programang Babae, Mga Sanggol at Bata (WIC);
- Pagiging karapat-dapat sa mga food stamp;
- Pagiging karapat-dapat o mga referral para sa iba pang mga programa ng tulong sa estado o lokal (hal., Medicaid);
- Ang pabahay para sa mababang kinikita/naka-subsidize ay ibinibigay bilang isang balidong address; o
- Ang pasyente ay namatay na walang kilalang asawa o kilalang lupain.

Ang impormasyong ito ay magbibigay-daan sa Mga Pasilidad ng Ospital para makagawa ng nakakaalam na mga pagpapasya sa mga pinansyal na pangangailangan ng mga pasyente, na gumagamit ng pinakamahusay na mga pagtatantya na magagamit sa kawalan ng impormasyong ibinigay nang direkta ng pasyente. Ang isang pasyenteng natukoy na karapat-dapat para sa Ipinalagay na Tulong sa Pananalapi ay makakatanggap ng libre o may diskwentong EMCare para sa panahon kung kailan ang indibidwal ay ipinalagay na karapat-dapat.

Ang mga pasyenteng Medicaid na makakatanggap ng mga hindi saklaw na kinakailangang serbisyong medikal ay isasaalang-alang para sa Ipinalagay na Tulong sa Pananalapi. Ang

Tulong sa Pananalapi ay maaaring maaprubahan sa mga pagkakataon bago ang petsa ng pagkabisa ng Medicaid.

Kung ang isang indibidwal ay tinutukoy na maging ipinalagay na karapat-dapat, ang isang pasyente ay bibigyan ng Tulong sa Pananalapi para sa isang panahon na labindalawang (12) buwan na nagtatapos sa petsa ng pagpapasiya sa pagpapalagay na pagiging karapat-dapat. Bilang resulta, ilalapat ang Tulong sa Pananalapi sa lahat ng karapat-dapat na account na natamo para sa mga serbisyong natanggap labindalawang (12) buwan bago ang petsa ng pagpapasiya. Ang ipinalagay na karapat-dapat na indibidwal ay hindi makakatanggap ng tulong sa pananalapi para sa EMCare na ibinigay pagkatapos ng petsa ng pagpapasiya nang hindi napunan ang isang FAA o isang bagong pagpapasiya ng ipinalagay na kwalipikado.

Para sa mga pasyente, o sakanilang mga Tagagarantiya, na hindi tumutugon sa proseso ng aplikasyon ng Pasilidad ng Ospital, ang ibang mga mapagkukunan ng impormasyon ay maaaring magamit para makagawa ng isang indibidwal na pagtatasa ng pangangailangang pampinansyal. Ang impormasyong ito ay magbibigay-daan sa Pasilidad ng Ospital para makagawa ng nakakaalam na mga pagpapasya sa mga pinansyal na pangangailangan ng mga hindi tumutugon na pasyente, na gumagamit ng pinakamahusay na mga pagtatantya na magagamit sa kawalan ng impormasyong ibinigay nang direkta ng pasyente.

Para sa layunin ng pagtulong sa mga pasyenteng pinansyal na nangangailangan, ang isang Pasilidad ng Ospital ay maaaring gumamit ng isang ikatlong partido para suriin ang impormasyon ng pasyente, o Tagagarantiya ng pasyente, para masuri ang pangangailangan sa pananalapi. Gumagamit ang pagsusuri na ito ng isang kinikilala ng industriya ng pangangalaga sa kalusugan, mahuhulaang modelo na batay sa mga database ng pampublikong tala. Ang modelo ay nagsasama ng datos ng pampublikong tala para makalkula ang isang markang pang-sosyo-ekonomiko at pang-pinansyal. Ang hanay ng panuntunan ng modelo ay idinisenyo para masuri ang bawat pasyente batay sa parehong pamantayan at naisaayos laban sa mga makasaysayang pag-apruba ng Tulong sa Pananalapi ng Pasilidad ng Ospital. Pinapayagan nito ang Pasilidad ng Ospital na masuri kung ang isang pasyente ay katulad ng ibang mga pasyente na kwalipikado para sa Tulong sa Pananalapi sa ilalim ng tradisyunal na proseso ng aplikasyon.

Kapag ginamit ang modelo, ilalapat ito bago ang pagtatalaga ng bad debt pagkatapos maubos ang lahat ng iba pang pagiging karapat-dapat at mga mapagkukunan ng pagbabayad para sa mga pasyenteng hindi pa nasusuri para sa ipinapalagay na pagiging karapat-dapat. Pinapayagan nito ang isang Pasilidad ng Ospital na i-screen ang lahat ng pasyente para sa Tulong sa Pananalapi bago ang pagtuloy sa anumang mga ECA. Ang datos na ibinalik mula sa pagsusuri na ito ay bubuo ng sapat na dokumentasyon ng pinansyal na pangangailangan sa ilalim ng Patakaran na ito.

Sa kaganapan na ang isang pasyente ay hindi kwalipikado para sa ipinalagay na pagiging karapat-dapat ang pasyente ay maaari pa ring magbigay ng kinakailangang impormasyon at isasaalang-alang sa ilalim ng tradisyunal na proseso ng FAA.

Ang mga pasyenteng nabigyan ng katayuang ipinapalagay na pagiging karapa-dapat ay bibigyan ng libre o may diskwentong pangangalaga para sa mga karapat-dapat na serbisyo na may kinalaman lamang sa mga petsa ng serbisyo sa nakaraan.. Ang pagpapasyang ito ay hindi magbibigay ng katayuan para sa libre o may diskuwentong pangangalaga na karaniwang makukuha sa pamamagitan ng tradisyunal na proseso ng aplikasyon. Ang mga

account na ito ay ituturing bilang karapat-dapat para sa Tulong sa Pananalapi sa ilalim ng Patakarang ito. Hindi sila ipapadala sa pagkolekta, hindi sasailalim sa karagdagang aksiyon sa pagkolekta, at hindi isasama sa mga gastos sa hindi nabayarang utang ng Pasilidad ng Hospital. Ang mga pasyente ay hindi aabisuhan para ipaalam sa kanila ang tungkol sa pagpapasyang ito. Bukod pa rito, ang anumang halaga ng deductible at coinsurance na inaangkin bilang bad debt sa Medicare ay hindi isasama sa pag-uulat ng pangangalaga ng kawanggawa.

Ang ipinalagay na pag-screen ay nagbibigay ng isang benepisyo sa komunidad sa pamamagitan ng pagpapagana ng isang Organisasyon ng Ospital ng CommonSpirit na sistematikong kikilalanin ang mga pasyenteng nangangailangan ng pananalapi, bawasan ang mga pasaning pang-administratibo, at magbigay ng Tulong sa Pananalapi sa mga pasyente at sa kanilang mga Tagagarantiya, na ang ilan sa kanila ay maaaring hindi tumugon sa proseso ng FAA.

ABISO TUNGKOL SA TULONG SA PANANALAPI

Ang pag-abiso tungkol sa pagkakaroon ng Tulong sa Pananalapi mula sa mga Organisasyon ng Ospital ng CommonSpirit ay dapat ipalaganap sa pamamagitan ng iba't ibang paraan, na maaaring kasama, ngunit hindi limitado sa:

- Kapansin-pansin na paglalathala ng mga abiso sa mga sinisingil sa pasyente;
- Mga paunawang nakapaskil sa mga kwartong pang-emerhensiya, mga agarang sentro ng pangangalaga, mga departamento ng admisyon/pagpaparehistro, mga tanggapan ng negosyo, at sa iba pang mga pampublikong lugar na maaaring piliin ng Pasilidad ng Ospital; at
- Paglalathala ng isang buod ng Patakaran na ito sa website ng Pasilidad ng Ospital, tulad ng ibinigay sa Addendum A, at sa iba pang mga lugar sa loob ng mga komunidad na pinaglilingkuran ng Pasilidad ng Ospital na maaaring hinirang nito.

Ang mga pasyente ay maaaring kumuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa porsiyento ng AGB ng Pasilidad ng Ospital at kung paano kinalkula ang mga porsiyento ng AGB mula sa isang pinansyal na tagapayo ng Pasilidad ng Ospital gaya ng ibinigay sa Addendum A.

Ang mga naturang abiso at buod na impormasyon ay dapat magsama ng isang numero ng pakikipag-ugnayan at dapat ibigay sa Ingles, Espanyol, at iba pang mga pangunahing wika na sinasalita ng populasyon na pinagsisilbihan ng isang indibidwal na Pasilidad ng Ospital, kung naaangkop.

Ang pag-refer ng mga pasyente para sa Tulong sa Pananalapi ay maaaring gawin ng sinumang miyembro ng Organisasyon ng Ospital ng CommonSpirit na hindi medikal o medikal na kawani, kabilang ang mga doktor, nars, pinansyal na tagapayo, manggagawa sa lipunan, tagapamahala ng kaso, kapelyan, at mga sponsor ng relihiyon. Ang isang kahilingan para sa tulong ay maaaring gawin ng pasyente o isang miyembro ng pamilya, malapit na kaibigan, o kasama ng pasyente, na napapailalim sa mga naaangkop na batas sa pribasiya.

Ang Mga Organisasyon ng Ospital ng CommonSpirit ay magbibigay ng Pinansyal na pagpapayo sa mga pasyente tungkol sa kanilang mga sinisingil na nauugnay sa EMCare at ipapaalam ang pagkakaroon ng naturang pagpapayo. Responsibilidad ng pasyente o Tagagarantiya ng pasyente na mag-schedule ng mga konsulta tungkol sa pagkakaroon ng

Tulong sa Pananalapi sa isang pinansyal na tagapayo.

Ang isang lista ng tagapagtustos ay ilalathala ng bawat Pasilidad ng Ospital ng CommonSpirit sa website nito, sa o bago ang Hulyo 1, 2021, at ia-update ng pamamahala sa pana-panahon (ngunit hindi bababa sa bawat apat na buwan) pagkatapos.

MGA AKSIYON SA KAGANAPAN NG HINDI PAGBABAYAD

Ang mga aksyon na maaaring gawin ng Organisasyon ng Ospital ng CommonSpirit sakaling hindi mabayaran ang bawat Pasilidad ng Ospital ay inilalarawan sa hiwalay na patakarán, ang Patakarán sa Pamamahala ng CommonSpirit G-004, *Mga Pagsingil at Pagkolekta*. Ang mga miyembro ng publiko ay maaaring makakuha ng isang libreng kopya ng Patakarán na ito sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa departamento ng Pag-access/Pag-admit ng Pasyente ng Pasilidad ng Ospital, tulad ng ibinigay sa Addendum A.

PAGLAPAT SA MGA PAMAMARAAN

Ang pamunuan ng Revenue Cycle ng CommonSpirit ay responsable para sa pagpapatupad ng Patakarán na ito.

MGA KALAKIP

Financial Assistance Application (FAA)

MGA SANGGUNIAN

Patakarán sa Pamamahala ng CommonSpirit Pananalapi G-004, *Pagsingil at Mga Pagkolekta*

MGA KAUGNAY NA DOKUMENTO

Addendum ng Pamamahala ng CommonSpirit	Pananalapi G-003A-1, <i>Tulong sa Pananalapi - California</i>
Addendum ng Pamamahala ng CommonSpirit	Pananalapi G-003A-2, <i>Tulong sa Pananalapi - Oregon</i>
Addendum ng Pamamahala ng CommonSpirit	Pananalapi G-003A-3, <i>Tulong sa Pananalapi - Washington</i>
Addendum ng ng CommonSpirit	Pananalapi G-003A-A, <i>Template ng Addendum ng Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan ng Pasilidad ng Ospital</i>

TAUNANG PAHINTULOT

APROBADO NG LUPON NG COMMONSPIRIT HEALTH: HUNYO 26, 2024, TBD